

Tip Sheet #3: Mga Palatandaan ng Stroke



Ang stroke ay maaaring pumatay sa iyo! Ang pagka-alam sa mga patandaan ng stroke ay maaaring magligtas ng iyong buhay at sa buhay ng isang kakilala mo.

Dapat mong malaman kung ano ang normal na nararamdaman ng iyong katawan. Alamin kung ano ang normal na pakiramdam mo kapag ikaw ay nakaupo, naglalakad, nagbibisekleta o gumagawa ng iba pang aktibidad. Dapat mong malaman ang mga pagbabago ng iyong pakiramdam. Ang mga pagbabago sa iyong pakiramdam ay maaaring mga palatandaang babala.



Mag-ingat sa mga Patandaan ng Stroke: *Tandaan ang salitang **FAST: Face-Arms-Speech-Time.***

Face

Ang mukha ng tao ay maaaring tumabingi. Maaaring hindi makangiti ang tao o ang kaniyang bibig o mata ay bagsak.

Arms

Hindi mai-aangat ng isang taong pinaghihinalaang na-stroke ang kaniyang dalawang braso. Maaaring makaramdam siya ng panghihina at pamamanhid sa isang braso.

Speech

Ang pagsasalita niya ay magiging mahirap maintindihan - utal o magulo. Maaaring tuluyang hindi na makapagsalita ang tao kahit mukhang gising naman siya.

Time – Oras na para tumawag sa 911!

Ito na ang oras para tumawag sa 911. Huwag ng maghintay! Kung hindi ka makatawag humingi ng tulong. Kung mas mabilis na madadala ka o ang ibang tao sa ospital, mas mabuti. Kung sa palagay mo ikaw o isang tao ang nai-stroke, **Tumawag Kaagad sa 911.** *American Stroke Association



Alamin ang mga Palatandaan ng Stroke – Tandaan ang Salitang

FAST – Face – Arms – Speech – Time

Maaaring mailigtas mo ang iyong buhay o ng iba.